



Pagtaas ng Pinakamababang Sahod at Mga Naipon na Benepisyo sa Bakasyon Dahil sa Sakit

Epektibo sa Hulyo 11, 2016, sinumang empleyado na nagtatrabaho ng hindi bababa sa dalawang oras sa isa o higit pang mga linggo sa kalendaryo ng taon sa loob ng mga heyograpikong hangganan ng Lungsod ng San Diego ay may karapatan sa naipon na bakasyon dahil sa sakit at mas mataas na lokal na pinakamababang sahod ayon sa Ordinansa sa Pinakamababang Sahod at Naipon na Bakasyon Dahil sa Sakit (Minimum Wage at Earned Sick Leave Ordinance).

Pagtaas ng Pinakamababang Sahod			
1/1/2022	1/1/2023	1/1/2024	1/1/2025
\$15.00	\$16.30	\$16.85	\$17.25

Mga Naipon na Benepisyo sa Bakasyon Dahil sa Sakit

Mayroong dalawang paraan na magagamit ng isang tagapag-empleyo upang magbigay ng naipon na bakasyon dahil sa sakit:

1. Ang mga empleyado ay kumikita ng isang (1) oras ng bakasyon dahil sa sakit para sa bawat 30 oras na trabaho. Ang anumang hindi nagamit na naipon bakasyon dahil sa sakit ay dapat idagdag sa susunod na taon ng benepisyo at maaaring limitahan sa 80 oras.
2. Hindi bababa sa 40 oras ng naipon na bakasyon dahil sa sakit ang iginagawad sa isang empleyado sa simula ng taon ng benepisyo. Ang pamamaraang ito ay hindi nangangailangan idagdag sa susunod na taon ang mga hindi nagamit na oras.

Maaaring limitahan ng mga tagapag-empleyo ang paggamit ng empleyado ng nakuhang bakasyon sa sakit sa 40 oras bawat taon.

Ang bawat tagapag-empleyo ay dapat magpaskil ng naipon na bakasyon dahil sa sakit at mga abiso sa pinakamababang sahod na inilathala ng Lungsod bawat taon sa isang lugar sa trabaho kung saan nagtatrabaho ang isang empleyado. Ang mga tagapag-empleyo ay dapat ding magbigay ng nakasulat na paunawa sa empleyado ng legal na pangalan ng tagapag-empleyo, anumang kathang-isip na pangalan ng negosyo, address, numero ng telepono at mga kinakailangan ng Ordinansa kasama ang paraan ng tagapag-empleyo sa pagbibigay ng naipon na bakasyon dahil sa sakit.

Saan Ako Magsasampa ng Reklamo?

Ang sinumang tao ay maaaring magsampa ng reklamo na nagbibintang ng isang paglabag sa Ordinansa. Ang impormasyon tungkol sa proseso ng reklamo ay matatagpuan sa web page ng Programa sa Pinakamababang Sahod (Minimum Wage Program) sa www.sandiego.gov/minimumwage.

Matuto nang higit pa tungkol sa pagtaas ng pinakamababang sahod at mga benepisyo sa bakasyon dahil sa sakit:

www.sandiego.gov/minimumwage